



**HeartKids**

# Sapul sa pagkabata na sakit sa puso Mga sanhi

Impormasyon tungkol sa mga sanhi ng sapul sa pagkabata na sakit sa puso.

## Ano ang sapul sa pagkabata na sakit sa puso?

Ang sapul sa pagkabata na sakit sa puso (Congenital Heart Disease - CHD) ay isang pangkalahatang katawagan para sa hanay ng mga kondisyon na nakakaapekto sa paraan ng paggana ng puso.

Ang congenital ay nangangahulugan na naroroon na ang kondisyon mula pa sa kapanganakan. Ang mga congenital na mga depekto sa puso ang pinakakaraniwang uri ng depekto sa kapanganakan (birth defect). 1 sa 100 sanggol ang ipinapanganak na may depekto sa puso.<sup>1</sup>

**8 SA 10** KASO NG  
CONGENITAL HEART DISEASE



**AY WALANG NALALAMANG DAHILAN<sup>2</sup>**

## Ano ang sanhi ng congenital heart disease?

**Sa humigit-kumulang 80% ng mga kaso ng congenital heart disease, ang sanhi ay hindi nalalaman.**

Ilang mga ina ng mga sanggol na ipinanganak na may congenital heart disease ay maingat na pinag-aralan ang kanilang mga ikinilos sa panahon ng pagbubuntis upang malaman ang dahilan ng pagkakasakit ng kanilang anak. Mahalagang tandaan na karamihan sa mga kaso ng congenital heart disease ay walang nalalamang dahilan.

Ang ilan sa mga kilalang sanhi ng congenital heart disease ay:

- **Mga hene (genes).** 20% ng mga kaso ay may henetikong dahilan.<sup>2</sup>
- **Pagkakasakit habang nagbubuntis.** Ang mga sakit tulad ng German measles ay magdaragdag sa panganib ng pagkakaroon ng congenital heart disease.
- **Mga gamot.** Maaaring maragdagan ng ilang mga gamot ang panganib ng pagkakaroon ng isang ina ng sanggol na may congenital heart disease kung ininum ang gamot habang nagbubuntis.
- **Edad.** Ang mga sanggol ng mas matatandang babae ay mas malamang na magkaroon ng depekto sa kapanganakan kaysa sa mga sanggol ng mas batang mga babae.



- **Iba pang mga depekto ng kapanganakan.**  
Ang isang sanggol na may Down Syndrome ay mas malamang na magkaroon ng depekto sa puso.
- **Paninigarilyo, pag-inom ng alak o pagdodroga habang nagbubuntis.**
- **Diyabetis o kakulangan ng nutrisyon habang nagbubuntis.**

## Mangyayari pa kaya itong muli sa aming pamilya?

Humigit-kumulang 1% ng mga sanggol ay ipinapanganak na may congenital heart disease.<sup>1</sup> Ang panganib na mangyari itong muli sa isang pamilya ay magkakaiba depende sa sitwasyon at kondisyon.

Alam namin na:

- Kung mayroon ka nang isang sanggol na may congenital heart disease ngunit walang ibang kasaysayan ng congenital heart disease sa inyong pamilya, ang panganib na magkaroon ka ng isa pang sanggol na may congenital heart disease ay bahagyang tumataas sa humigit-kumulang 3 – 4%
- Kung mahigit sa isang kapatid ang may congenital heart disease, tumataas ang panganib na magkaroon ng isa pang anak na may congenital heart disease.
- Ang panganib ng pagkakaroon ng isang sanggol na may congenital heart disease ay tumataas kung ang isa sa mga magulang ay may congenital heart disease. Kung ang ina ang may congenital heart disease, mas mataas ang panganib na maipasa ito sa mga anak<sup>2</sup>

Kung mayroon kang congenital heart disease at nag-iisip na magsimula ng isang pamilya, baka mabuting magtanong ka sa iyong doktor tungkol sa henetikong pagsusuri (genetic testing). Maaari siyang magbigay ng payo tungkol sa iyong sitwasyon at isangguni ka sa serbisyo ng henetikong pagpapayo (genetic counseling) kung naaangkop.



Sa karamihan ng mga kaso ang dahilan ay hindi nalalaman, na maaaring limitahan ang mga opsyon para sa genetic testing.

## Ano ang genetic counselling?

Ang mga serbisyo ng genetic counseling ay nagbibigay ng impormasyon sa mga tao at pamilya na mayroon, o nasa panganib na magkaroon, ng ilang mga depekto sa kapanganakan.

Kung ang mga gene ang sanhi ng congenital heart disease at matutukoy ng mga doktor kung alin, mas madaling mahulaan kung gaano ito malamang na mangyari sa ibang miyembro ng pamilya o anak.

Sa ilang mga kaso, maaari silang magbigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga posibleng dahilan at ang mga panganib ng muling pagkakaroon ng depekto.

Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa genetic counseling at kung ito ay mabuting opsyon para sa iyo.

## Mga Sanggunian

<sup>1</sup> VAN DER LINDE, D., KONINGS, E., SLAGER, M., WITSENBURG, M., HELBING, W., TAKKENBERG, and J. J. & ROOS-HESELINK (2011). "Birth prevalence of congenital heart disease world-wide: a systematic review and meta-analysis." *Journal of the American College of Cardiology*. 58: 2241-2247.

<sup>2</sup> BLUE, G. M., KIRK, E. P., SHOLLER, G. P., HARVEY, R. P. & WINLAW, D. S. (2012). "Winlaw DS. Congenital heart disease: current knowledge about causes and inheritance." *The Medical Journal of Australia* 197: 155- 159.


Ang papel-kaalamang ito ay narepaso at na-update ng HeartKids noong Marso 2021. Inendorso ito ng aming Lupon ng Pangklinikang Tagapayo (Clinical Advisory Committee) sa petsa ng paglathala. Maaaring magbago ang klinikal na impormasyon pagkatapos ng petsang ito. Ang impormasyon sa papel-kaalamang ito ay pangkalahatan. Hindi ito panghalili sa medikal na payo mula sa iyong doktor. Palaging makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa mga bagay na nakakaapekto sa iyong kalusugan.

## Saan makakahanap ng higit pang impormasyon at suporta

### HeartKids

 [heartkids.org.au](http://heartkids.org.au)

Alamin ang higit pa tungkol sa sapul pagkabatang sakit sa puso at ang suportang maiaalok sa iyo ng HeartKids.

 1800 432 785

Tawagan ang HeartKids Helpline para sa suporta, payo at gabay.

 @HeartKidsAustralia

 @HeartKids